# Isang Huwaran sa Pag-unlad

Tuklasin ang iyong mga pangangailangan, kaloob, at talento. Subukang itanong ang mga tulad ng:

Ano ang nararamdaman kong dapat kong pag-aralan o baguhin sa buhay ko?

Anong mga talento o kasanayan ang gusto kong taglayin?

Anong mga espirituwal na gawi ang kailangan kong matutuhan o pagbutihin?

Paano ko matutupad ang mga tipang ginawa ko noong bininyagan ako?

Sino ang maaari kong paglingkuran?

“Pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos . . . itanong mo sa akin kung ito ay tama” (Doktrina at mga Tipan 9:8).

Planuhin na mas umunlad. Subukang itanong ang mga tulad ng:

- Bakit ito mahalaga sa akin?
- Paano ako matutulungan nito na maging higit na katulad ni Jesucristo?
- Ano ang mga hakbang na maaari kong gawin para magawa ito?
- Maaari ko bang gawin ito nang paunti-unti?
- Anong mga plano ang magagawa ko ngayon para makayanan ang mga hamon na maaaring kaharapin ko?

“Ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin” (2 Nephi 32:3).

Pagnilayan ang natutuhan mo. Subukang itanong ang mga tulad ng:

- Paano ako umunlad?
- Paano ko magagamit ang natutuhan ko upang mapaglingkuran ang iba?
- Paano nakatulong ang mga ginawa ko upang mas mapalapit ako sa Tagapagligtas?
- Paano ako patuloy na uunlad sa aspektong ito?

“Landas ng iyong mga paa ay iyong tuwirin,” (Mga Kawikaan 4:26).

Kumilos para umunlad sa pananampalataya. Kung hindi ka makausad, subukang itanong ang mga tulad nito:

- Saan ako nagtagumpay? Bakit?
- Saan ako hindi nagtagumpay? Bakit hindi?
- Ano pa ang puwede kong subukan?
- Saan ako makakakuha ng mas marami pang ideya?
- Maaari ko bang unti-untiin ang pagtupad sa mithiin ko?
- Paano ako matututo mula sa mga kabiguan?

“Katotohanang sinasabi ko, [ikaw] ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa [iyong] sariling kalooban.” (Doktrina at mga Tipan 58:27).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_552-1